

MAKIBAHAGI SA PAGBABAGO NA SIYANG BABAGO NG BUHAY!

Maging isang Tagapayo o Klinisyan para sa Sakit na kaugnay ng Paggamit/Pag-inom ng Droga/Alak

Bakit ngayon lang?

Kada walang minuto, may isang tao sa America ang namamatay dahil sa hindi sinasadyang labis na paggamit ng droga. Ang pag inom at paggamit ng droga/alak ay patuloy na tumataas.

Ang pagkalulong ba sa alak at droga ay isang pampublikong alalahaning pangkalusugan?

Oo, napakarami na talagang mga tao ang hindi nakakatanggap ng pangangalagang kailangan nila, subalit alam natin na makakatulong ang paggagamot at posible ang gumaling.

Ang Kagawaran ng Kalusugan ng Publiko ng Los Angeles County ay naghahanap ng mga indibidwal na magmamalasakit at maninindigan na maging mga tagapayo at mga klinisyan para sa paggagamot ng sakit na kaugnay ng paggamit/pag-inom ng droga/alak sa isa sa higit pa sa 200 katuwang na organisasyon sa buong Los Angeles.

Tagapayo ukol sa Sakit na kaugnay ng Paggamit/Pag-inom ng Droga/Alak

Ang mga Tagapayo para sa Sakit na kaugnay ng Paggamit/Pag-inom ng Droga/Alak ay nagsasagawa ng mga pang-grupo at pang-indibidwal na pagpapayo, pagtanggap, at iba pang mga serbisyo at sila ay mga mahalagang bahagi ng proseso ng paggagamot at paggaling.

Bilang isang tagapayo, ang inyong kakayahan at awa ay nakapagbibigay ng kontribusyon sa isang nakikipagtulungan at makabagong pangkat na naninindigan sa pag-aasikaso ng krisis sa SUD dito sa Los Angeles County.

[Mag-klik dito](#) upang malaman kung paano kayo magiging isang Tagapayo para sa Sakit na kaugnay ng Paggamit/Pag-inom ng Droga/Alak.

Klinisyan para sa Sakit na kaugnay ng Paggamit/Pag-inom ng Droga/Alak

Ang mga Klinisyan para sa Sakit na kaugnay ng Paggamit/Pag-inom ng Droga/Alak (Substance Use Disorder - SUD) ay nagtatasa at nagsusuri ng mga sakit, pinag-aaralan ang mga plano para sa paggagamot at nakikipagtulungan sa mga pangkat ng mga tagapayo at iba pang mga propesyunal sa SUD.

Bilang isang Lisensiyadong Klinisyan, ang inyong pagiging maawain at ang inyong mga kakayahan ay magtatatag ng mga ugnayang makapagpapagaling at makapagbabago ng mga buhay ng mga indibidwal at mga pamilya sa pamamagitan ng pagharap sa mga kumplikadong impluwensiyang medikal, pag-uugali, at pang-lipunan na kaakibat ng mga sakit na kaugnay ng paggamit/pag-inom ng droga/alak.

[Mag-klik dito](#) upang malaman kung paano kayo magiging isang Lisensiyadong Klinisyan para sa Sakit na kaugnay ng Paggamit/Pag-inom ng Droga/Alak.

Sumali sa isang Lumalagong Larangan na Punong-puno ng mga Kapaki-pakinabang na Trabaho at mga Oportunidad

Ang pag-eempleyo ng mga tagapayo para sa paggamit/pag-inom ng droga/alak, sakit na may kaugnayan sa pag-uugali, at pang-kalusugang mental ay inaasahang dadami ng 23% mula 2016 hanggang 2026, na talaga namang mas mabilis pa kaysa sa karaniwan para sa lahat ng trabaho

– Kagawaran ng Istatistika sa Paggawa (*Bureau of Labor Statistics*).

Gawin ang Unang Hakbang patungo sa isang Magandang Landas ng Trabaho!

[Mag-klik dito](#) para sa isang listahan ng mga Programang Pagsasanay at mga Akreditadong Paaralan.

[Mag-klik dito](#) upang makapagsaliksik at makapagpatala para sa mga trabaho sa mga pasilidad ng SUD sa paggagamot sa buong Los Angeles County.

Bisitahin ang [MakeADifferenceLA.org](https://www.makeadifferenceLA.org) para sa karagdagang impormasyon.